# Trabaho. Demokratisasyon, Dekomodipikasyon, Pagwawasto

# Work. Democratize, Decommodify, Remediate

Ang mga manggagawa ay higit pa sa puhunan o kalakal. Ito ang isa sa mga pangunahing aral na dapat pulutin mula sa kasalukuyang krisis. Mula sa pag-aalaga sa mga maysakit; paghahatid ng pagkain, gamot, at iba pang mga pangunahing pangangailangan; pagkolekta ng ating basura; hanggang sa pagpuno ng mga estante at pagtanggap ng bayad natin sa mga grocery at pamilihan – ang mga magigiting na manggagawang kaakibat natin sa pagpapatuloy ng buhay sa gitna ng pandemyang COVID-19 ay mga buhay na patunay na ang trabaho ay hindi lamang hamak na produkto. Ang kalusugan ng tao at ang pangangalaga sa mga nanganganib ay hindi nararapat na ipagpaubaya na lamang sa mga dikta ng merkado sapagkat palalawigin lamang nito ang di-pagkakapantay-pantay. Kung hahayaan natin ang mga bagay na ito sa kamay ng merkado, lalo lang nating ilalagay sa alanganin ang buhay ng mga kapos. Paano ba maiwawasto ang kalagayang ito? Una, demokratisasyon ng mga kumpanya – gawing kasangkot ang mga manggagawa sa mga desisyong makaka-apekto sa kanilang buhay at kinabukasan sa pook ng hanapbuhay. Ikalawa, dekomodipikasyon ng paggawa – kolektibong paggarantiya ng sapat na trabaho para sa lahat. Sa pamamagitan ng mga pagwawastong ito, masisiguro natin ang dignidad ng bawat mamayan habang tayo'y humaharap sa malubhang panganib ng pandemya at pagkasira ng kalikasan, sa paraang pinagtitibay ang lakas na kakailanganin upang mapanatili ang ating buhay sa planetang ito.

*Bakit demokratisasyon?* Sa bawat umaga, may mga bumabangon upang paglingkuran tayong mga nanatiling naka-quarantine. Sa pagsapit ng dilim, sila ay ang tumatayong mga tanod natin sa gabi. Nalalakip sa kapayakan ng salitang 'essential worker' ang dangal ng kanilang trabaho. Sa terminong ito nahahayag ang katotohanang pilit na ikinukubli ng kapitalismo gamit ang isa pang pamilyar na termino – 'human resource'. Ang tao ay hindi lamang isa sa maraming 'resource' sapagkat kung walang namumuhunan ng paggawa, walang produksyon, walang serbisyo, walang negosyo.

Bawat umaga, ang mga naka-quarantine ay bumabangon sa kani-kanilang mga tahanan upang isakatuparan – mula sa malayo – ang mga layunin ng mga organisasyong kanilang pinaglilingkuran. Patuloy ang trabaho hanggang sumapit ng gabi. Pinatutunayan lang ng mga magigiting na manggagawang ito na hindi nila kailangan ng mahigpit na pagmamatyag at disiplina upang gampanan ang kanilang mga tungkulin. Araw-gabi, ipinakikita nilang ang mga manggagawa ay hindi lamang isa sa mga sangkap tungo sa tagumpay ng kani-kanilang mga kumpanya; bagkus, sila ang susi rito. Bagamat sila ang pangunahing bumubuo sa isang kumpanya, madalas ay hindi sila kabilang sa pamamahala nito – ito ay nananatiling monopolyo ng mga namumuhunan ng kapital.

Sa pamamagitan ng demokratisasyon, kikilalanin ng mga kumpanya at ng lipunan ang mga ambag ng mga manggagawa sa panahon ng krisis. Malinaw na kailangan nating ampatan ang lumalalang agwat sa kita sa pamamagitan ng pagtataas ng sahod, ngunit hindi ito sapat. Matapos ang dalawang digmaang pandaigdig, naipagtagumpay ang karapatang bumoto sa tulong ng di-maikakailang ambag ng kababaihan. Gayundin, panahon na upang palayain ang mga manggagawa.

Mula pa noong papatapos ang WWII, mayroon nang representasyon ang mga namumuhunan ng paggawa sa pook ng hanapbuhay sa pamamagitan ng mga konseho ng manggagawa sa Europa. Ngunit ang mga kumakatawang pormasyong ito ay may mahinang boses sa pamamahala sa mga kumpanya, at nakapailalim sa mga kapasyahan ng executive management team na itinalaga ng mga shareholder. Hindi nila napigilan o napabagal ang walang humpay na pag-iral ng makasariling akumulasyon ng kapital na lalong nakapaninira

sa ating kalikasan. Nararapat na bigyan ang mga pormasyong ito ng mga karapatang gaya ng ipinagkaloob sa mga board. Upang magawa ito, ang pamunuan ng mga kumpanya – ang pinakamataas na tagapangasiwa – ay maaaring mangailangan ng double majority approval, mula sa mga konsehong kumakatawan sa mga manggagawa maging sa mga shareholder. Sa Alemanya, Netherlands at Scandinavia, mahalagang hakbang ang iba't ibang uri ng codetermination (mitbestimmung) na naisulong matapos ang WWII sa pagbibigay-tinig sa mga manggagawa, ngunit hindi pa rin nakakasapat ang mga ito sa pagbuo ng aktuwal na estado ng pagkamamamayan sa mga kumpanya. Maging sa Estados Unidos, kung saan ang pag-oorganisa ng mga manggagawa at mga karapatan sa unyon ay sinisikil, may lumalakas na panawagan na bigyan ang mga namumuhunan ng paggawa ng karapatan na humalal ng kinatawan na may supermajority sa board. Masyadong malaki ang halaga ng mga isyung gaya ng pamimili sa CEO, pagtatakda ng pangunahing estratehiya, at distribusyon ng kita upang iatang lamang sa mga shareholder. Ang pansariling pamumuhunan ng paggawa – ng isipan at katawan, ng kalusugan – ng buhay – ay nararapat na may karampatang kolektibong karapatan na pagtibayin o ipawalang-bisa ang mga kapasyahang ito.

*Bakit dekomodipikasyon?* Ipinakita ng krisis na ito na hindi dapat gawing commodity ang paggawa, na hindi dapat ipagkatiwala ang mga kapasyahang lubhang makaaapekto sa ating mga komunidad sa mga mekanismo lamang ng merkado. Sa mga nagdaang taon, ang mga hanapbuhay at supply sa sektor ng kalusugan ay naipaloob sa prinsipyo ng kita; ngayon, ipinakita ng pandemic kung paano tayo binulag ng prinsipyong ito. Ilang estratehiko at kolektibong pangangailangan ang nararapat na maprotektahan mula sa ganitong mga konsiderasyon. Ang pagtaas ng bilang ng mga naapektuhan ng pandemic ay malagim na babala na may mga bagay na hindi nararapat gawing commodity. Ipinapahamak tayo ng mga tumututol dito sa kanilang mapanganib na ideolohiya. Sa usapin ng ating kalusugan at buhay sa daigdig, hindi akmang panukat ang kita. Ang pagdi-decommodify ng paggawa ay nangangahulugang ang ilang sektor ay mapapanatiling labas sa saklaw ng batas ng tinatawag na 'free market': nangangahulugan din itong pagtitiyak na lahat ng tao ay may akses sa paggawa at sa dignidad na kaakibat nito.

Isang paraan upang maisakatuparan ito ay ang paglikha ng isang Job Guarantee. Ipinapaalala ng Article 23 ng Universal Declaration of Human Rights na ang bawat isa ay may karapatang makapaghanapbuhay. Ang Job Guarantee ay hindi lamang magkakaloob sa bawat mamamayan ng akses sa trabaho upang mabuhay nang may dignidad; magbibigay rin ito ng ibayong lakas sa ating kolektibong kapasidad na harapin ang maraming panlipunan at pangkalikasang hamon. Ang garantiya sa trabaho ay magpapahintulot sa mga pamahalaan – sa tulong ng ugnayan sa mga lokal na komunidad – na magbigay ng hanapbuhay na may dignidad, habang nag-aambag sa mga pagsisikap na labanan ang pagkasira ng kalikasan. Sa buong daigdig, habang tumataas ang bilang ng mga walang trabaho, ang mga programa sa job guarantee ay may mahalagang gampanin sa pagpapatatag ng kalagayang panlipunan, pang-ekonomiya, at pang-kalikasan sa ating mga demokratikong lipunan. (VAR. EUROP) Nararapat na magsama ang European Union ng ganitong proyekto sa Green Deal. Ang pagrerepaso ng misyon ng European Central Bank upang mapondohan ang programang ito ay magbibigay ng lehitimong espasyo para rito sa buhay ng bawat mamamayan ng EU. Bilang countercyclical na tugon sa papalalang kawalan ng hanapbuhay, ang programang ito ay susing ambag sa pag-unlad ng EU.

*Pagwawasto sa Kalagayan ng Kalikasan.* Hindi na naaayon ang tugong kagaya noong 2008 kung kailan tinugunan natin ang krisis pang-ekonomiya sa pamamagitan ng unconditional bailout na nagpalobo sa pampublikong utang na walang hinihinging kapalit. Kung ang mga pamahalaan ay tumutugon upang isalba ang mga negosyo sa kasalukuyang krisis, dapat kumilos din ang mga negosyo at umayon sa mga pangkalahatan at batayang kondisyon ng demokrasya. Sa ngalan ng mga demokratikong lipunan na pinaglilingkuran nila at bumubuo

sa kanila, sa ngalan ng kanilang tungkuling tiyakin ang ating buhay sa planetang ito, nararapat na takdaan ng mga pamahalaan ang tulong nila sa mga kumpanya batay sa pagbabago nila sa kanilang mga gawi. Maliban sa pagsunod sa mahihigpit na batayang pangkalikasan, dapat hingin sa mga kumpanya na tuparin ang ilang kundisyon sa demokratikong pamamahalang panloob. Ang matagumpay na transisyon mula sa pagkasira patungo sa paghilom ng kalikasan ay mahusay na mapangungunahan ng mga kumpanyang may demokratikong pamunuan, kung saan ang tinig ng mga namumuhunan ng paggawa ay kasimbigat ng mga namumuhunan ng kapital sa mga estratehikong kapasyahan. Mayroon na tayong sapat na panahon upang makita kung ano ang nangyayari sa pagbabalanse sa paggawa, sa planeta, at sa mga natatamo ng kapital sa ilalim ng kasalukuyang sistema; laging talo ang paggawa at ang ating planeta. Salamat sa pananaliksik mula sa University of Cambridge Department of Engineering (Cullen, Allwood, and Borgstein, Envir. Sci. & Tech. 2011 45, 1711–1718), alam na nating mababawasan ng “achievable design changes” ang global energy consumption ng 73%. Ngunit ang mga pagbabagong ito ay labor intensive, at nangangailangan ng mga desisyong gugugol ng mas malaking halaga sa loob ng maikling panahon. Sa gayon, bakit kailangan ng ganitong pagbabago habang ang mga kumpanya ay pinatatakbo upang imaksimisa ang kita para sa mga namumuhunan ng kapital, sa isang daigdig kung saan mura ang enerhiya? Sa kabila ng mga hamon sa transisyong ito, ipinakita ang potensyal ng ganitong positibong hakbang ng ilang negosyong may kamalayang-panlipunan at pinatatakbo ng kooperasyon na nagtatakda ng mga layuning nagsasaalang-alang sa mga usaping pinansyal, panlipunan at pangkalikasan at nagpapaunlad ng mga demokratikong moda ng pamamahalang panloob.

Huwag na nating linlangin ang ating mga sarili; hindi maasahan ang kalakhan ng mga namumuhunan ng kapital na isaalang-alang ang dignidad ng mga namumuhunan ng paggawa; hindi rin nila pangungunahan ang paglaban sa pagkasira ng kalikasan.

Mayroon pa tayong pagpipilian. Idemokratisa ang mga kumpanya; idecommodify ang paggawa; itigil ang pagturing sa mga tao bilang puhunan o kalakal lamang upang makatutok tayong lahat sa pagtitiyak ng buhay sa planetang ito.

16/05/2020

Isabelle Ferreras (University of Louvain/FNRS-Harvard LWP), Julie Battilana (Harvard University), Dominique Méda (University of Paris Dauphine PLS), Julia Cagé (Sciences Po-Paris), Lisa Herzog (University of Groningen), Sara Lafuente Hernandez (University of Brussels-ETUI), Hélène Landemore (Yale University), Pavlina Tcherneva (Bard College-Levy Institute), Laurence Castillo, Alex P. Dela Cruz (University of Melbourne), Armi Beatriz Bayot (University of Oxford), Alberto Alemanno (HEC Paris-NYU Law), Elizabeth Anderson (University of Michigan), Philippe Askénazy (CNRS-Paris School of Economics), Aurélien Barrau (CNRS et Université Grenoble-Alpes), Adelle Blackett (McGill University), Neil Brenner (Harvard University), Craig Calhoun (Arizona State University), Ha-Joon Chang (University of Cambridge), Erica Chenoweth (Harvard University), Joshua Cohen (Apple University, Berkeley, Boston Review), Christophe Dejours (CNAM), Olivier De Schutter (UCLouvain, UN Special Rapporteur on extreme poverty and human rights), Nancy Fraser (The New School for Social Research, NYC), Archon Fung (Harvard University), Javati Ghosh (Jawaharlal Nehru University), Stephen Gliessman (UC Santa Cruz), Hans R. Herren (Millennium Institute), Axel Honneth (Columbia University), Eva Illouz (EHESS, Paris), Sanford Jacoby (UCLA), Pierre-Benoit Joly (INRA - National Institute of Agronomical Research, France), Michele Lamont (Harvard university), Lawrence Lessig (Harvard University), David Marsden (London School of Economics), Chantal Mouffe (University of Westminster), Jan-Werner Müller (Princeton University), Gregor Murray (University of Montréal), Susan Neiman (Einstein Forum), Thomas Piketty (EHESS-Paris School of Economics), Michel Pimbert (Coventry University, Executive Director of Centre for Agroecology, Water and Resilience), Raj Patel (University of Texas), Katharina Pistor (Columbia University), Ingrid Robeyns (Utrecht University), Dani Rodrik (Harvard University), Saskia Sassen

(Columbia University), Debra Satz (Stanford University), Pablo Servigne PhD (in-Terre-dependent researcher), William Sewell (University of Chicago), Susan Silbey (MIT), Margaret Somers (University of Michigan), George Steinmetz (University of Michigan), Laurent Thévenot (EHESS), Nadia Urbinati (Columbia University), Jean-Pascal van Ypersele de Strihou (UCLouvain), Judy Wajcman (London School of Economics), Léa Ypi (London School of Economics), Lisa Wedeen (The University of Chicago), Gabriel Zucman (UC Berkeley), and 3000 more scholars from more than 600 universities across the globe. The full list is available https://democratizingwork.org/